

Advisory No. 082, s. 2018

Mayo 11, 2018

Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang *advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Visit www.deped.gov.ph)

KONGRESO SA WIKA 2018 NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng Kongreso sa Wika 2018 na may temang Adyenda sa Pagbuo ng Gramatika ng Wikang Pambansa na gaganapin mula ika-2 hanggang ika-4 ng Agosto 2018 sa Gusaling Albertus Magnus, Unibersidad ng Santo Tomas, España, Sampaloc, Maynila. Ang Kongresong ito ay bahagi ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa alinsunod sa Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997.

Ang layunin ng kumperensiya ay ang mga sumusunod:

1. maisakonteksto ang pag-aaral ng gramatika sa pangkahalatang larang ng pag-aaral ng wika;
2. matalunton ang simula at pag-unlad ng gramatika ng Wikang Pambansa sa Filipinas;
3. masuri ang nilalamang panggramatika ng Kurikulum ng K-12;
4. matalakay ang mga aspekto at katangian ng ilang pangunahing katutubong wika sa Filipinas;
5. maitampok ang mga saliksik sa gramatika ng mga piling institusyon at organisasyon sa Filipinas; at
6. matalakay ang ilang estratehiya ng pagtuturo ng gramatika.

Ang mga kinatawan mula sa tanggapang sentral at panrehiyon ng Kagawaran ng Edukasyon, pansangay na tagapamanihala/tagamasid pampurok ng mga paaralang publiko, mga puno at guro ng Kagawaran ng Filipino sa mga paaralang publiko at pribado, mga iskolar, mga manunulat, at iba na may interes na mapaunlad ang wika sa bansa ay inaanyayahang dumalo sa gawaing ito.

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan kay:

Bb. Evelyn E. Pateño
Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
2/P, Gusaling Watson, 1610 Kalye Jose P. Laurel
San Miguel, Malacañang Complex, Maynila 1005
Telepono: (02) 243-9855; (02) 736-2525/24; (02) 736-2519
(02) 734-5547; (02) 736-3830; 733-7260
Mobile: 0917-311-5176
Email: kwfssg@gmail.com, evelynpateno@gmail.com
Website: www.kwf.gov.ph